Pangalan : ________________________________ Petsa : ____________ Marka: ____________

# MAGALANG NA BATA

**PANUTO :** Piliin ang magagalang na salita na dapat gamitin sa bawat sitwasyon.

1. Nakasalubong ni Rosel si Padre Jose

   A. Magandang umaga po, Padre Jose.
   B. Magandang umaga naman.
   C. Magandang umaga.
   D. Kumusta ka Padre Jose?

2. Tumawag sa telepono ang kaibigan ng ate mo at ikaw ang nakasagot.

   A. Sandali lang, tatawagin ko.
   B. Sandali lang po, tatawagin ko ang ate.
   C. Natutulog si ate.
   D. Wala siya, umalis.

3. Dumalaw sa bahay nina Jake ang kaibigan ng kanyang Tatay.

   A. Kuya, hindi ko kayo kilala.
   B. Pasok po kayo, tatawagin ko lang si Tatay.
   C. `Tay, nandito ang kumpare ninyo
   D. Sandali lang, tatawagin ko lang si tatay.

4. Pinuri ka ng iyong guro dahil sa husay mo sa pagsayaw.

   A. Talaga pong mahusay akong sumayaw.
   B. Wala iyon.
   C. Maraming slamat po.
   D. Mana ako sa tatay ko.



**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

5. Inutusan ka ng iyong nanay na bumili sa tindahan ng suka.
   A. May ginagawa pa po ako.
   B. Opo, inay
   C. Ayoko, inay.
   D. Mamaya na.

6. Tumawag ka sa kaibigan mo at ang kuya niya ang nakasagot.
   A. Si Jason ho nandiyan?
   B. Magandang araw po, maaari po ba kay Jason?
   C. Pwede kay Jason?
   D. Gusto kong makausap si Jason, nandiyan ba siya?

7. Isang umaga, binisita mo si Dr. Guttierez sa kanyang klinika.
   A. Kamusta ka na?
   B. Dr. Guttierez, magpapagamot ako.
   C. Magandang umaga po, Dr. Guttierez.
   D. Dr. Guttierez, kaya mo bang gamutin ang sakit ko?



**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

8. Pumunta ka sa bahay ng iyong kaibigan at kuya niya ang nagbukas sa iyo.
   A. Magandang umaga, si James?
   B. Nandiyan si James?
   C. Magandang umaga po, nandiyan po ba si James?
   D. Nasaan si James?

9. Hindi nakasunod si Marga sa utos ng kanyang ina.
   C. Paumanhin po sa ‘Ma.
   D. Naglalaro pa kasi ako.
   C. Si Ate na lang.
   D. Ako na lang palagi ang inuutusan.

10. Ikaw ay magpapaalam na papuntang paaralan sa iyong mga magulang.
   A. Papasok na ako.
   B. 'Ma, 'Pa, papasok na po ako.
   C. Alis na ako.
   D. 'Tay, 'Nay, alis na ko



**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

# MAGALANG NA BATA

SUSI SA PAGWAWASTO

1. A
2. B
3. B
4. C
5. B
6. B
7. C
8. C
9. A
10. B



**(This is a Government Property. Not For Sale.)**